# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 12, 2021, LUNES, IKA-09:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 5.4.21
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
By:
Date: 03 MAY 2021
Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 221-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 69-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 16-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG SIYAMNARAAN LABING ISANG LIBO ANIMNARAAN LABING ISANG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P911,611.40) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P911,611.40 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkaunlaran mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas ng nabanggit na barangay sa taong 2021;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng Barangay Santo Angel Central.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 69-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 16-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P911,611.40 para sa 20 bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Santo Angel Central.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 12, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nakasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
4/29/21